

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipapasulong ng Innovation District ng Brampton ang pagbangon ng ekonomiya

BRAMPTON, ON (Setyembre 4, 2020) – Nagtatayo ang Lungsod ng Brampton ng isang Innovation District sa gitna ng downtown Brampton para itaguyod ang isang masiglang pagsisimula ng komunidad, i-develop ang lokal na talento at suportahan ang mga negosyante.

Sa susunod na Miyerkules, ang bagong [Ryerson Venture Zone](#) ay opisyal na ilulunsad sa Innovation District ng Brampton. Ang bagong incubator na ito ay itinalaga sa pagtulong sa pagtayo at pagpapalago ng mga bagong negosyo, lumikha ng mga trabahong nangangailangan ng mataas na skill, at bumuo ng source ng talento.

Ang Innovation District ay isang mahalagang inisyatibo sa COVID-19 [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod](#), at patuloy na mag-i-evolve sa darating na mga buwan at mga taon.

Mga Partner ng Innovation District

Bukod pa sa Ryerson Venture Zone, ang bilang ng pangnegosyo, pagtulong sa negosyong magsimula, at mga accelerator space ay sumali sa Innovation District ng Brampton, kabilang ang:

- [Brampton Entrepreneur Centre \(BEC\) Co-working Space & Small Business Resources](#) – Matatagpuan sa ma-espasyong 4,500 sq. ft. storefront, ang co-working na espasyong ito ay dinisenyo para paigtingin ang magiging malikhain at pagiging produktibo. Nagho-host ang BEC ng madalas na mga seminar at nag-aalok ng mga pagrebyu sa plano ng negosyo at mga konsultasyon kasama ang mga tagapayo nang walang bayad sa mga lokal na negosyante at mga innovator.
- [Catalyst Cyber Accelerator \(pinangunahan ng Rogers Cybersecure Catalyst and Ryerson DMZ\)](#) – Ang accelerator na ito ay ang unang Cybersecurity accelerator para sa pagsisimula at pagpapalago. Ang accelerator na ito, kasama ang iba pang mga cornerstone ng Rogers Cyber Secure Catalyst (kabilang ang unang Cyber Range ng Canada, pagsasanay at pananaliksik at pagpapaulad sa Cybersecurity) ay nagpupwesto sa Brampton na magiging sentro ng Canada para sa Cybersecurity.
- [Research Innovation Commercialization \(RIC\) Centre](#) – Isang specialized na incubation ng negosyo at accelerator space, ang RIC ay tumutulong sa pagsisimula, pagpapalago at paghahatid ng kanilang mga negosyo sa susunod na antas. Ang RIC Centre ay isang dinamikong catalyst para sa mga kumpanya ng teknolohiya at may specialized na mga resource para sa mga kumpanyang nagtatrabaho sa mga bahagi ng Internet of Things, CleanTech at Advanced Manufacturing.
- Ang Brampton Board of Trade at ang Downtown Brampton Business Improvement Area (BIA) ay mahahalaga ring mga partner sa pagtayo ng Innovation District.

Mas marami pang mga partner ang inaasahan na sumali sa Innovation District sa huling bahagi ng taon na ito.

Pagdebelop ng Talento

Ang Innovation District ay nag-aalok din ng mga oportunidad sa edukasyon at pagsasanay para turuan ng karagdagang skill at sanayin para magkaroon ng bagong skill ang talento mula sa paligid ng Greater Toronto Area (GTA). Mula sa Ryerson University Chang School of Continuing Education at Rogers Cybersecure Catalyst, hanggang sa Sheridan College at Algoma University, ang Innovation District ay isang lumalaking sentro para sa pagdebelop ng talento.

Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya

Sa Mayo 13, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ang [Estratehiya ng Brampton sa Pagbangon ng Ekonomiya](#) para umabante sa muling pagsisimula ng lokal na ekonomiya. Nilalayon ng Estratehiya na maghahatid ng resiliency at kompetitibong bentahe sa ekonomiya ng Brampton sa pamamagitan ng pagpapasulong ng agaran at pangmahabang panahong aksyon na kaayon sa apat na four corner stones: Inobasyon, Teknolohiya at Entrepreneurship, Pamumuhunan, Imprastruktura, at Sining, Kultura at Turismo.

Mga Quote

“Mabilis na kumikilos ang Brampton para itayo ang isang matibay na Innovation District sa ating lungsod at ang ating lokasyon sa sentro ng Innovation Corridor ng Canada ay nagpupwesto sa atin bilang isang ideyal na lugar para sa bagong pamumuhunan. Habang nagma-mature ang ating Innovation District, magagawa nating magbigay ng mga suporta sa mga negosyo sa bawat yugto ng kanilang paglalakbay.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang patuloy na pagpapaunlad ng ating Innovation District ay isang mahalagang aksyon para sa ating Estratehiya ng Pagbangon ng Ekonomiya, at ang Ryerson Venture Zone ay dagdag sa ating lumalaking District. Habang pinapasulong natin ang ating Lungsod palabas sa COVID-19 pandemic, committed tayo sa pagpapasulong ng ating innovation ecosystem at pagtayo ng Innovation District na nangunguna sa lahat.”

– *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 & 5; Vice-Chair, Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Kultura; Co-Chair, Task Force ng Mayor sa COVID-19 Suporta sa Ekonomiya, Lungsod ng Brampton*

“Habang lumilitaw tayo mula sa pandemic na ito at muling pasisimulan ang ating lokal na ekonomiya, wini-welcome natin ang mga negosyante at posibleng mga mamumuhunan para sumali sa ating lumalaking Innovation District. May maraming dahilan kung bakit ang Brampton ay isang ideyal na lokasyon para sa pagsisimula ng negosyo, at inaasahan natin ang pakikipag-ugnayan sa ating mga stakeholder para sumali sa atin at maging bahagi ng momentum.”

– *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 & 6; Co-Chair, Task Force ng Mayor sa COVID-19 Suporta sa Ekonomiya, Lungsod ng Brampton*

“Sa ating pangunahing lokasyon sa gitna ng Innovation Corridor ng Canada, pinapalaki ng Brampton ang innovation ecosystem nito na may layunin na magiging pandaigdigang lider sa innovation, Committed ang ating staff na itayo ang partnerships at maglalagay ng kailangang mga kondisyong nakahanda para gawin ang Brampton na pinakamagandang lokasyon para sa mga negosyante at mga negosyo.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca